

Enero, Taong 2012

Para sa mga nagdadalang tao
Fukushima Prefecture

Gobernador ng Fukushima Prefecture Sato Yuhe
Chairman ng Obstetrics and Gynecology Medical Association Hata Kenichi
Pangulo ng Obstetrics and Gynecology Society Fujimori Keiya
Pangulo ng Fukushima Medical University Kikuchi Shinichi

Tungkol sa paghingi ng kooperasyon ng mga kababaihang nagdadalangtao ng
Citizen's Health Care Research, taong 2012

Nang dahil sa lindol sa lalawigan ng Fukushima, ang Fukushima Medical University ay nagsagawa ng pagsisiyasat ukol sa mga kababaihang nagdadalangtao. Ito ay sa pagpapatupad ng pangangalaga ng kalusugan ng mga residente. Dahil sa malaking aksidenteng naganap sa Fukushima Daiichi Nuclear Power Plant ay may pag-aalala ang mga residente sa loob at labas ng lalawigan ng Fukushima, lalong lalo na at naging kulang ang pangangalaga sa mga kababaihang nagdadalangtao at ang kanilang sanggol, ng kanilang munisipyo at hindi rin sapat ang gabay ng Maternal Health Care Institution.

Ang pagsiyasat ng Medical University pagkatapos ng nakaraang lindol ay upang malaman hindi lamang sa kung nasuportahan ba ang mga nag-aalalang kababaihang nagdadalangtao, kundi pati na sa kung napaghandogan ba ng tamang medikasyon ang mga kababaihang nagdadalangtao. Pati na upang magsagawa ng cooperation system na kabilang ang Obstetrics and Gynecology Medication at suporta sa ina at sanggol, pagsagawa rin ng cooperation system ng munisipalidad at ng medical institution para sa hinaharap na biglang pangangailangan. At sa susunod na inyong pagdadalangtao at sa mga magiging ina dito sa lungsod ng Fukushima, layunin naming mapaganda ang sistema at mapaganda ang pagbigay ng medikasyon. Kung kaya't hayaan ninyo kaming magsiyasat at humingi ng inyong opinion.

Ang maaring tumanggap ng pagsisiyasat na ito ay ang mga kababaihang nagdadalangtao mula Ika-1 Ng Agosto taong 2010 hanggang Ika-31 Ng Hulyo 31taong 2011, mga nakatanggap ng Maternity and Child Health Handbook, mga nakatanggap ng prenatal check-up sa lalawigan ng Fukushima at sa iba't ibang munisipyo nito o sa mga naninirahan sa labas ng lalawigan pagkatapos ng kalamidad noong Ika- 11 Ng Marso taong 2011, gayon din sa mga maglilipat sa ibang lalawigan o sa mga nagsi-uwi sa kanilang bayan ay makakasali sa pagsisiyasat na ito.

Para sa mga may katanungan ukol sa pagsisiyasat na ito, mangyaring sumangguni sa Radiology Medical Health Care Resident Center (Ang Health Care Residents). Bukod pa rito hindi lamang sa panahon ng kalamidad ang tulong, kung kaya't kapag may mga pag-aalala sa kalusugan ng inyong sanggol at ng inyong katawan, mangyari lamang punan ang kahon ng nararapat na tugon upang kayo ay aming masuportahan.

Kami ay may mga midwives upang sumagot sa inyong mga katanungan kaya't tumatangap din kami ng konsultasyon ayon sa pagkabahala sa kalusugan, sa pagpapalaki ng inyong

sanggol, at iba. Kung ayon sa inyong kasagutan sa palatanungan ay napagdesisyonan na kinakailangan ninyo ng tulong, kami na ang tatawag sa inyo. Karagdagan, para sa mga nangangailangan ng panuto ng mga doctor sa Medical University o sa Obstetrics & Gynecology, sa Fukuashima Medical Associations of Obstetrics and Gynecology (o sa doktor na siyang tumitingin sa inyo sa kasulukuyan) ang siyang tutugon sa inyo. Ganoon din sa mga lumipat sa ibang lalawigan na walang permanenteng doktor ay maari ring sumanguni sa Citizen's Health Care Center.

Sa panghuli, para mabigyan kayo at sa mga magiging ina sa hinaharap ng kaluwagan sa isip, mangyaring tumulong sa pagtugon ng mga katanungan.

Makipag-ugnayan sa sumusunod [ukol sa pagsisiyasat sa mga kababaihang nagdadalangtao]

Fukushima Medical University, Citizen's Health Care Radiology Center

Tel: 024-549-5180(10:00~17:00 maliban sa weekends at opisyal na holiday)